KALATAS
Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan
TOMO 41 BILANG 12 | BASAHIN AT TALAKAYIN | DISYEMBRE 2021

EDITORYAL

# Marubdob na makibaka para ibagsak ang tiranikong rehimeng Duterte!

Pinag-aalab ng labis na kahirapan at kamay-na-bakal na paghahari ang lumalakas na pakikibaka ng mamamayan laban sa taksil, korap at tiranikong rehimeng Duterte. Determinado ang sambayanan na ipaglaban ang kanilang mga demokratikong mithiin at biguin ang mga pakana ng rehimen na magpalawig ng termino hanggang sa ibagsak ito.

Higit na lumala ang krisis ng bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino sa nagdaang limang taon ni Duterte sa poder. Bumulusok ang ekonomya ng bansa dahil sa ipinatupad na militaristang *lockdown*, pagtigil ng produksyon at labis na pangungutang sa gitna ng pandemya. Sa unang hati ng 2021, iniulat ng Philippine Statistics Authority na tumaas ng 23.7% ang kahirapan sa bansa, bagama't di hamak na mas mataas pa ang antas ng kahirapan kung pagbabatayan ang grabidad ng kahirapan ng bansang pinalala pa nang unang manalasa ang pandemyang COVID-19. Umabot sa 11.9 milyong Pilipino ang walang trabaho noong Setyembre habang inaasahang lolobo pa ang utang ng Pilipinas na aabot sa P13 trilyon sa 2022.

Binundat ni Duterte ang kanyang mga kroni sa pagkakaloob sa mga ito ng malalaking proyektong imprastruktura at kontrata sa gubyerno kagaya ng maanomalyang pagbibigay ng kontrata sa pagbili ng mga kagamitang medikal sa kumpanyang Pharmally kasabwat ang matalik na kaibigang si Michael Yang na dating *presidential economic adviser* sa kabila ng pagiging dayuhan nito. Kasama ang iba pang mga kroni ni Duterte tulad nina Villar at Razon, nakinabang nang husto ang kanyang pangkat sa pagnanakaw at pandarambong sa kaban ng bayan. Inilantad ng Commission on Audit ang maanomalyang ulat ng DOH, PS-DBM, DepEd, DILG, DND at iba pang ahensya ng gubyerno na maglalantad sa mga hinokus-pokus na mga transaksyon kung saan nagkamal ng bilyun-bilyong halaga ang mga kapural na sangkot sa katiwalian.



# KALATAS

Disyembre 2021
TOMO 41 BILANG 12


NILALAMAN


1 Marubdob na makibaka para ibagsak ang tiranikong rehimeng Duterte!

4 Programa sa pagbabakuna kontra COVID-19, salaminan ng palyadong tugon sa pandemya

5 Mga Tinipong Pahayag ni Ka Diego, inilabas ng Kalatas

6 Pinatinding terorismo at atake sa demokratikong karapatan, pinakawalan ng rehimeng Duterte sa 2021

7 Higit 10 katutubo mula sa Occidental Mindoro, iligal na dinetine ng militar

8 Tugon ni PdG: Bakit dapat palayain ang mga detenidong pulitikal?

10 #NeverAgain: Matinding paglabag sa karapatang tao ang dulot ng Martial Law ng diktadurang Marcos

12 Desisyon ng Korte Suprema sa Anti-Terrorism Law, tinuligsa ng PKP-TK

13 Kultura: Sa walang hanggang alaala ng kadakilaan nina Kasamang Eden Marcellana at Dorris Cuario

13 Ika-53 anibersaryo ng PKP, ipinagdiwang sa gitna ng pinatinding atake ng AFP-PNP



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com


Sa halip na unahin ang pangangailangan ng bansa para sa batayang mga programa sa kabuhayan at edukasyon, binuhusan ni Duterte ng malaking pondo ang mga ahensyang panseguridad ng estado. Dinoble ang sahod ng mga sundalo at pulis, para kunin ang loob at katapatan nito sa kanya nang sa gayon ay maging puspusan at walang habas na ipatupad ang JCP-Kapanatagan sa pamamagitan ng mga *focused military operations* at pamemerwisyo sa komunidad ng mga sibilyan. Binuhusan ng malaking pondo ang pagbili ng mamahalin at modernong mga kagamitan at sasakyan ng militar na ginagamit sa pambobomba at panganganyon sa mga sakahan at komunidad ng maralita, habang namamalimos ang bayan para sa bakuna laban sa COVID-19. At habang kinaltasan ang pondo para sa mga ahensyang magbibigay-ayuda sa gitna ng pandemya, nanatili ang pondo ng NTF-ELCAC at huwad nitong mga programang Barangay Development Program at E-CLIP.

Sinamantala ng rehimeng Duterte ang pagka-abala ng mamamayan sa umiiral na pandemya para ipatupad ang pasistang paghahari nito sa pamamagitan ng militaristang *lockdown* at iniratsada ang pagsasabatas ng Anti-Terrorism Law (ATL). Kaya sa pamamagitan ng ATL, nabigyan ng laya ang pasistang rehimen na atakehin at supilin ang lehitimong pakikibaka ng mamamayan sa ngalan ng kanyang hibang na "gera kontra-terorismo". Ipinalaganap din ng mamamatay-taong rehimen ang kultura ng impyunidad para maghasik ng lagim at teror sa buong bayan. Patunay rito ang Bloody Sunday noong Marso 7 kung saan pinaslang ng AFP-PNP ang siyam na aktibista at iligal na inaresto ang anim pang iba sa Cavite, Laguna, Batangas at Rizal.

Ngunit sa kabila ng mga atakeng ito, patuloy ang pakikibaka ng sambayanan para labanan ang mga ipinapataw na militaristang restriksyon ng pandemya at papatinding terorismo ng estado.

Sa Timog Katagalugan, ipinanalo ng ilang unyon ng malalaking kumpanya ang kanilang *collective bargaining agreement* o CBA. Binigo naman ng mga maralita sa Cavite at ng mga magsasaka sa Laguna ang mga pataksil na demolisyong isinagawa sa panahong ito ng pandemya. Samantala pinagana ng mga samahang magsasaka sa Cavite ang kanilang kooperatibang sakahan sa gitna ng lumalang krisis sa ekonomya bunga ng labis na kapabayaan ng gubyernong Duterte.

Sa buong bansa, inilunsad ng mga manggagawang pangkalusugan ang malalaking welga at iba't ibang anyo ng kilos protesta upang ipaabot ang kanilang mga karaingan sa labis na pagpapabaya at pagkakait sa kanila ng karampatang subsidyo at iba pang mga benepisyo bilang mga nasa unahan ng paglaban sa pandemya at pagsagip sa maraming buhay na iginupo ng COVID-19. Paulit-ulit na kinakalampag ng mamamayan ang inutil na gubyernong Duterte sa karapatan sa ayuda, bakuna at serbisyong pangkalusugan. Binabatikos nila ang sapilitan at militaristang patakaran sa pagbabakuna na *'no vax, no work'*, *'no vax, no pay'*, *'no vax, no ayuda'* at *'no vax, no labas'*. Sinisingil din nila si Duterte sa walang kahihiyang pangungurakot at paglustay sa pondo ng bayan.

Mariing tinututulan ng sambayanan ang sumisirit na presyo ng langis, mga pangunahing bilihin at mataas na singil sa sektor ng serbisyo at utilidad. Kinukundena rin ng mga magsasaka ang patuloy na pagbaha ng mga *imported* na produktong agrikultural na nagdudulot ng pagbagsak ng presyo ng kanilang mga produktong bukid. Dumagsa ang mga protesta sa *internet* na nagkukundena at kumokontra sa mga kasinungalingan, disimpormasyon at *fake news* na ipinalalaganap ng rehimeng Duterte lalo sa *social media*.

Nagpupunyagi ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan sa kanayunan na labanan ang terorismo ng estado. Pinatunayan ng militante

at nagkakaisang mamamayan sa Quezon ang moog ng kanilang lakas sa matagumpay nilang pagpapalayas sa anim na kampo-militar sa lalawigan. Inilantad ng mamamayan sa rehiyon ang karahasan ng AFP-PNP at mga paglabag nito sa karapatang tao.

Nakapagpatatag ang mga larangang gerilya sa bansa laban sa walang humpay na pag-atake ng AFP-PNP at rehimeng Duterte. Binigo ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) - Timog Katagalugan ang imbing plano ng Southern Luzon Command na durugin ang mga larangang gerilya sa rehiyon.

Patuloy na isinusulong ng mamamayan na makamit ang hustisya para sa mga biktima ng mga paglabag sa karapatang tao. Sinusuportahan nila ang mga institusyong nagtatanggol dito at kasama ang mga kaanak ng mga biktima ng pamamaslang ng estado, umusad ang pag-uusig ng International Criminal Court kay Duterte para papanagutin ang huli sa kanyang mga krimen sa sangkatauhan.

Malinaw ang intensyon ni Duterte na palawigin pa lagpas sa 2022 ang kanyang termino. Gagawin niya ito sa anumang garapalang paraan basta masiguro lamang na hawak niya ang kapangyarihan o kaya ay hawak niya sa leeg ang uupo sa kapangyarihan. Nakipag-alyansa siya sa mga Marcos at gumawa ng kung anu-anong maniobra para makalahok sa reaksyunaryong eleksyon. Nabuo ang alyansa ng mga tiranikong Marcos-Arroyo-Duterte (MAD) bunsod ng tambalang Bongbong Marcos-Sara Duterte-Carpio sa pagka-presidente at bise presidente. Ang totoo, dismayado si Duterte sa tambalang ito dahil mas nais niyang kumandidato bilang presidente ang kanyang anak na si Sara. Gayunman, upang maisalba ang alyansa ng mga Duterte sa mga Marcos, ipinaatras niya ang kandidatura ng kanyang alagad na si Bong Go sa pagka-presidente para maiwasang makabangga si Bongbong Marcos.

Tiyak na gagawin ni Duterte ang lahat matiyak lamang na makokonsentra ang kapangyarihan sa kanyang mga kamay. Para mangyari ito, kailangan niyang tiyakin ang resulta ng halalan pabor sa kanyang kampo at posible ito dahil mayorya ng mga opisyal ng Commission on Elections ay hinirang ni Duterte bukod sa pagmamay-ari ng kroni niyang si Dennis Uy ang kumpanyang mamamahala sa mga teknikal na aspeto ng mga makinang gagamitin sa pagbibilang ng resulta ng eleksyon. Nariyan din ang posibilidad ng "No elections" o NO-EL at hayagang pagpapataw ng Martial Law sakaling malagay sa bingit ng pagkatalo ang mga manok ng administrasyon laluna ng mga Duterte.

Hindi na maaatim pa ng sambayanan na maghari pang muli si Duterte at ang mga Marcos. Kung sakali man, lalo lamang nilang ilulubog ang bansa sa kumunoy ng kahirapan, pagpapakatuta sa imperyalismo at patuloy na paglabag sa karapatang tao. Nagiging hinog na kondisyon ito para itulak ang mamamayang mag-aklas at tahakin ang pambansa-demokratikong rebolusyon.

Kailangang higit pang pasiglahin ang pakikibaka ng mamamayan para sa kanilang mga karapatan. Walang sawang imulat, organisahin at pakilusin ang iba't ibang uri at sektor para iangat ang kanilang antas ng kabuhayan at itaas ang kanilang pagkakaisa sa pagharap sa mga mapagsamantalang uri ng panginoong maylupa, burukrata kapitalista at burgesya komprador.

Sa papalapit na eleksyon, samantalahin ang lumalaking bitak sa hanay ng mga naghaharing uri at buuin ang nagkakaisang prenteng anti-Duterte para lubusan siyang ihiwalay sa malawak na mamamayan. Makipag-alyansa sa mga makabayan at naliliwanagang kandidato at makipagtulungan sa mga progresibo para itaguyod ang adyenda ng mamamayan at biguin ang pakana ng MAD na makabalik sa kapangyarihan. Puspusang ilantad ang mga katiwalian at kasinungalingan ng MAD. Balik-aralan ang kasaysayan upang muling sariwain sa alaala ng mamamayan ang kanilang mga krimen at papanagutin sila.

Ibayong palakasin at palawakin ang BHB upang itaas ang antas ng digmang bayan. Higit na palalimin ang baseng masa sa kanayunan at isulong ang rebolusyong agraryo. Panatilihing bulag at bingi ang nag-ooperasyong AFP-PNP sa presensya ng BHB at ilunsad ang paparaming opensiba na magpapatama sa ulo at katawan ng mga berdugo.

Nasa unahan ang Partido Komunista ng Pilipinas para pamunuan ang pakikibaka ng mamamayan sa kanilang mga demokratikong interes. Kailangang idirehe ng mga kadre at kasapi ng Partido ang demokratikong rebolusyong bayan at ihatid ang sambayanang Pilipino sa ganap na tagumpay. K



# Programa sa pagbabakuna kontra COVID-19, salaminan ng palyadong tugon sa pandemya

Matapos ang mga buladas, pagyayabang at magugulong patakaran, nagsara ang 2021 na bigo ang rehimeng Duterte na kamtin ang proteksyon ng populasyon sa pamamagitan ng pagbabakuna laban sa COVID-19. Iniasa nang buung-buo ni Duterte sa bakuna ang pagsugpo sa COVID-19 sa kanyang mga pahayag noong 2020 pero sa aktwal, hindi nito mapagtakpan ang kakulangan ng apat na milyong bakunado para makamit ang pinababang target na 54 milyong Pilipinong may kumpletong bakuna sa pagtatapos ng taon. Para isalba ang sarili, nagkukumahog itong abutin ang target sa unang kwarto ng 2022.

Maagang nahinuha na mabibigo ang kampanyang pagbabakuna ng rehimen. Ilang beses binago ng GRP ang target nitong bilang ng mga bakunado. Noong Marso, idineklarang kakayanin ang 70 milyong bakunado sa buong bansa sa katapusan ng 2021. Pagpasok ng Mayo ay pinababa ito sa 50-70 milyon, hanggang sa maging 50-60 milyon, ngunit sa NCR Plus na lamang at hindi na sa buong bansa. Nagpalit din ito ng katawagan sa aabuting estado ng pagbabakuna—mula *herd immunity*[1] na 'di kayang abutin ay ginawang *population protection*[2] para pasimplehin ang mga rekisitong dapat matamo.


Mula umpisa hanggang ngayon, subaybay ng bayan ang mga isyu ng di pantay-pantay na distribusyon, kapalpakan, korapsyon at kamay-na-bakal na pagpapataw ng mga patakaran sa pagbabakuna. Salalayan ding kondisyon ang pagiging atrasado ng Pilipinas sa siyensya at teknolohiyang medikal kaya't sunud-sunuran sa dikta ng alinmang kapangyarihang may kontrol sa suplay ng bakuna.

**Kakulangan at kabiguan**

Bago magtapos ang 2020, naging malaking balita ang tagumpay ng mga nangungunang industriyalisadong bansa laluna ng China at US sa paglikha ng bakuna laban sa COVID-19. Sa kabilang banda, ang Pilipinas, kasama ng iba pang mga bansang hindi kayang magprodyus ng bakuna, ay nangangapa kung paano magkakaroon nito. Kanya-kanyang pagsisikap ang mga gubyerno, at sa pangkalahatan, nagbunga ito ng dagdag na mga konsesyon sa interes ng imperyalismo kapalit ng donasyon o inutang na bakuna.

Sa ganito iniasa ng rehimeng Duterte ang programa sa bakuna—sa suplay na nakatali sa pandaigdigang kalagayan at kagustuhan ng mga kumpanya sa parmasyutika. Pangunahing tagakalap ng bakuna si Carlito Galvez, dating AFP Chief at tagapayo ng pangulo sa prosesong pangkapayapaan, na NTF Against COVID-19 *chief implementer* at itinalagang *vaccine czar* noong Nobyembre 2020. Mahigpit na katrabaho ni Galvez ang DOH, DOST at FDA sa pagsusuri, pag-aapruba at pagkuha ng mga bakuna.

Simula pa lang ng programa ay hirap na ang GRP na mag-ipon ng bakuna, lalo't nakopo na ng mayayamang bansa na bumubuo sa 16% ng populasyon ng daigdig ang 70% ng kabuuang suplay ng bakuna. Sa huling linggo ng Mayo 2021, higit walong milyong bakuna pa lang ang naipasok sa Pilipinas at kalahati pa lang nito o higit apat na milyong dosis pa lang ang naiturok sa bansa. Pinakamarami sa mga dumating na bakuna ang Sinovac na galing China.




Sa aktwal, Nobyembre 2021 pa aabot ng 100 milyong dosis ang bakunang papasok sa Pilipinas—panahong nag-uusap na ng *booster shot* ang mga bansang abante sa pagbabakuna.

Malaking salik ang kakulangan sa suplay ng bakuna sa kabiguan ng programa sa pagbabakuna at patuloy na pagkalat ng bayrus sa bansa. Isa ang mababang bilang ng nabakunahan sa mga itinurong dahilan kaya nagkaroon ng pagsikad sa mga kaso ng COVID-19 noong Agosto 2021. Panakip-butas ang paghihigpit sa anyo ng *'no vax, no work policy'* at mga katulad na patakaran sa kakulangan ng gubyerno na mag-ipon ng bakuna at bigyang edukasyon ang mamamayan. May panahon at rekurso ang rehimen sa pagpapakalat ng mga pekeng balita at paninira sa lumalawak na oposisyon pero wala itong malaganap na kampanyang pagmumulat at edukasyon sa mamamayan hinggil sa kahalagahan ng bakuna kaya nananatiling mataas ang v*accine hesitancy* o agam-agam na magpabakuna sa bansa sa mahaba-haba na ring panahon.

**Palpak at selektibong implementasyon**

Kulang na nga ang bakuna, lumala pa ang sitwasyon bunsod ng matinding kapabayaan at kapalpakan. Nariyan ang mga burukratikong hadlang sa mabilis na pagbili ng bakuna na sumagka sa mga pagsisikap mula pambansa hanggang lokal na gubyerno. Sa maagang bahagi ng paggulong ng kampanya sa pagbabakuna, naging maingay ang ilang mga lokal na gubyerno sa Visayas at Mindanao sa di pantay at 'pulitika' sa distribusyon ng bakuna. Matatandaang nasilip sa panahong ito ang masyadong malaking bolyum ng mga bakuna na dinala sa Davao City maliban sa NCR *bubble* na noo'y itinakdang pambansang

prayoridad ng alokasyon ng bakuna. Nasisira rin at nawawalambisa ang mga bakuna dahil sa tagal sa imbakan at kapos na pagsasaayos ng mga kagamitan gaya ng heringgilya. Wala ring plano sa pananaliksik at paghahanda para magprodyus o magparami man lang ng bakuna sa loob ng Pilipinas sa kabila ng malinaw na disbentahe ng pag-asa sa donasyon at biniling mga bakuna sa mga abanteng bansa.

Dagdag disgusto at binabantayan din ng publiko ang malamang na pagnanakaw sa pondo sa bakuna gaya ng nangyari sa kabuuang pondong pantugon sa pandemya. Umabot sa P127 bilyon ang inutang ng GRP sa Asian Development Bank, World Bank at Asian Infrastructure Investment Bank noong 2020 para sustentuhan ang pagbabakuna, subalit nakapagtatakang paunti-unti at mabagal ang pagpasok ng bakuna sa bansa.

Sa harap nito, kapal-mukhang inilusot ng mga pribilehiyadong grupo ang pagbabakuna sa kanilang sarili. Nabunyag ang palihim na pagbabakuna sa mga VIP at sa Presidential Security Group habang pumutok ang kanya-kanyang pagpapaturok ng mga pulitiko't kaibigan ni Duterte sing-aga ng Setyembre 2020 taliwas sa itinakdang prayoridad na mga sektor sa pagbabakuna. Nauna pa sila sa mga manggagawang pangkalusugan na nasa *frontline* ng paglaban sa COVID-19.

Tahasang pinaboran ang mga militar at pulis nang gawing patakaran ang pagpaprayoridad sa kanila sa pagbabakuna. Imbes na unahin ang mga guro't estudyante para mapaaga ang pagbubukas ng mga paaralan o di kaya'y ang mga manggagawa na bulnerableng mahawahan habang kumakayod para mabuhay, ipinauna ang mga tropa ng AFP-PNP na naghahasik ng teror sa kanayunan at kalunsuran.

Hindi kataka-takang bigo ang programa sa bakuna lalo't bahagi ito ng palyado at militaristang tugon ng rehimeng Duterte sa pandemya. Simula pa lang, malaking kwestyon na ang pagpili kay Galvez na walang karanasan at kaalaman sa pagharap sa isang krisis pangkalusugan. Masahol pa rito, ginamit ang pagbabakuna bilang tabing sa pagdedeploy ng mga tropang militar para sa FMO at RCSPO at dagdag gastusing militar. Kabalintunaan na may pondo para sa mga Black Hawk *helicopter* na magdedeliber umano ng bakuna pero walang alokasyon para sa mismong bakuna sa pambansang badyet ng 2021.

Malinaw ang pananagutan ng rehimeng Duterte sa kabiguang bakunahan ang mga Pilipino at paglalantad sa kanila sa panganib ng pandemya. Winaldas nito ang rekurso ng bayan at pinagkaitan ang mayorya ng mga Pilipino ng akses sa bakuna habang sinasamantala ang sitwasyon para pasidhiin ang kamay-na-bakal na paghahari. Hanggang sa huling mga buwan ni Duterte sa poder, haharapin niya ang maalab na pakikibakang bayan na nakabatay sa siyensya, karapatang tao at maka-masang tugon sa pandemya. Tuloy ang laban para sa ligtas at libreng bakuna para sa lahat. K

*1 Hindi direktang proteksyon mula sa isang nakakahawang sakit na nangyayari kapag ang isang populasyon ay naging immune na. Ipinapalagay na nakamit na ang herd immunity kung maabot ang isang antas ng dami ng nabakunahan sa isang populasyon.*

*2 Ang population protection ay nangangahulugan ng pagpapaliit ng bilang ng namamatay at naoospital na mga pasyente ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagbabakuna.*

*BASAHIN AT IPALAGANAP!*

## Mga Tinipong Pahayag ni Ka Diego, inilabas ng Kalatas

Inihahandog ng Kalatas ang Mga Tinipong Pahayag ni Jaime "Ka Diego" Padilla na naglalaman ng mga pahayag ni Ka Diego, dating tagapagsalita ng Melito Glor Command-BHB TK mula 2016 hanggang sa iligal siyang arestuhin ng rehimeng Duterte noong Nobyembre 2019.

Nahahati ang nilalaman ng libro sa sumusunod na mga paksa: mga pahayag ni Ka Diego hinggil sa rehimeng US-Duterte, digmang bayan at pakikibaka ng mamamayan, paglaban sa pasismo at mga paglabag sa karapatang tao at usapang pangkapayapaan. Inaasahang magsilbing dagdag na sanggunian ang libro sa paninindigan ng Partido at BHB sa rehiyon hinggil sa iba't ibang isyung kinaharap ng bayan.

Ayon kay Comrade Kathryn, "Bahagi ng pagpupugay kay Ka Diego ang inilabas na libro ng Kalatas. Inilaan ni Ka Diego ang 50 taon ng kanyang buhay sa pagsusulong ng rebolusyon at hanggang ngayon, hindi nagmamaliw ang kanyang paninindigan at pakikibaka para palayain ang sambayanan."

Maaaring makakuha ng kopya sa pinakamalapit na yunit ng BHB-TK o mag-*email* sa st.kalatas@gmail.com. K



# Pinatinding terorismo at atake sa demokratikong karapatan, pinakawalan ng rehimeng Duterte sa 2021

Mas matinding kalupitan at terorismo ang hinarap ng mamamayan ng TK sa huling taon ng pasistang rehimeng Duterte bago ang nakatakdang pagtatapos ng termino nito sa Hunyo 2022. Walanghiyang ginamit ng estado kapwa ang lantay na lakas militar at mga reaksyunaryong institusyon upang ipataw ang diktadurang paghahari at supilin ang lahat ng anyo ng paglaban ng mamamayan. Pinangunahan ito ng AFP-PNP at NTF-ELCAC na pinamumugaran ng mga sagadsaring pasista at hibang na anti-komunista.

Madugo ang nagdaang taon na may 16 kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang kasama ang Bloody Sunday noong Marso 7. Siyam na aktibista ang pinaslang ng mga ahente ng AFP-PNP sa Cavite, Batangas at Rizal habang anim na iba pa ang iligal na dinakip sa araw na ito. Malinaw rin ang kamay ng estado sa pananambang at pagpatay sa lider-katutubong si Salvador "Baduy" dela Cruz sa Occidental Mindoro at Dandy Miguel na pangulo ng unyon sa Fuji Electric sa Laguna at pangalawang tagapangulo ng Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan - Kilusang Mayo Uno (PAMANTIK-KMU). Ganap nang kairalan ang walang-awang pagpaslang sa mga walang kalaban-laban tulad ng ginawa ng PNP sa tatlong aktibistang sina Lowel Riza Mendoza, Christine Estocado at Cristopher Buton sa Sta. Rosa, Laguna noong Mayo.

Iwinasiwas ng AFP-PNP ang buktot na Anti-Terrorism Law (ATL) sa panghuhuli at pagkukulong sa 96 mamamayan na kalakhan ay magsasaka't katutubong pilit na iniuugnay sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Tampok dito ang maramihang pang-aaresto na naging talamak sa hanay ng mga katutubong Dumagat at Remontado sa Rizal at Quezon.

Patung-patong na gawa-gawang kaso naman ang isinampa laban sa mga aktibistang tulad nina Genalyn Avelino, Erlindo Baez at Wilfredo Capareño upang pilayin ang mga kilusang magsasaka sa Occidental Mindoro at Batangas. Ginigipit din ang mga residente ng mga baryo na may mga maiinit na pakikibakang masa para sa kanilang lupa at karapatan. Halimbawa nito ang pag-*redtag* sa mga samahan ng magniniyog sa Quezon na lumalaban para sa pagsasauli ng *coco levy fund* sa mga magsasaka.

Garapalan din ang pagyurak sa demokratikong karapatan ng mga manggagawa gamit ang ATL. Ilang beses na pinasok ng mga ahente ng pulis ang mga pagawaan at opisina ng mga unyon. Tuluy-tuloy din ang pananakot sa mga opisyal ng unyon at mga lider-obrero na kakasuhan sila sa bisa ng ATL kung hindi titiwalag sa ni-*redtag* na organisasyong PAMANTIK-KMU.

Pinasidhi ng teroristang estado ang FMO at RCSPO sa balangkas ng kontra-rebolusyonaryong gera. Nagbunga ang walang patid na paninibasib ng sapilitang paglikas ng puu-puong mamamayan, pinsala sa kanilang kabuhayan at paglapastangan, panghahalughog at panunungo ng mga tahanan. Sinasabayan ito ng mga sayops kung saan ipinapatawag ang mga sibilyan, iniinteroga at pinupwersang aminin ang kanilang diumanong ugnayan sa rebolusyonaryong kilusan. Kumon ang mga ulat ng pagpapahirap, pananakit at




**SUMA NG PAGLABAG SA KARAPATANG TAO SA TK 2021 ***

- 16 EKSTRAHUDISYAL NA PAMAMASLANG
- 1 BIGONG PAMAMASLANG
- 1 PAGPAPAKAMATAY BUNSOD NG TORTYUR
- 2 SAPILITANG PAGKAWALA
- 96 ILIGAL NA PAGDAKIP
- 106 ILIGAL NA PAGDETINE
- 10 TORTYUR
- 11 PAMBUBUGBOG
- 38 PAGBABANTA, PANGHAHARAS AT PANGGIGIPIT
- 500 MARAHAS NA DISPERSAL NG AKSYONG MASA
- 11 PANGWAWASAK NG ARI-ARIAN
- 36 DEMOLISYON
- 41,000 SAPILITANG PAGBABAKWIT
- 6 KARAHASAN SA KABABAIHAN AT MGA BATA
- 368 SAPILITANG PAGPAPASUKO
- 1 PAGLAPASTANGAN SA MGA LABI
- 5 PAMBOBOMBA MULA SA HIMPAPAWID
- 4 ISTRAPING

** Batay lamang sa mga inulat sa Kalatas. Hindi pa kasama ang mga kasong walang eksaktong bilang at walang dokumentasyon.*

# Higit 10 katutubo mula sa Occidental Mindoro, iligal na idinetine ng militar




Kinukundena ng NDFP-Southern Tagalog ang 2nd ID at 203rd Brigade ng Philippine Army sa kanilang panlilinlang at iligal na pagdedetine sa mahigit 10 katutubong Mangyan mula sa Barangay Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro. Nasa dalawang buwan nang hindi kapiling ng mga kaanak at komunidad ang mga biktima na huling nakita kasama ang mga sundalo noong Nobyembre.

Dalawang beses na ipinatawag ng mga elemento ng 203rd Brigade ang mga naturang katutubo bago sila nawala. Sa unang pulong, nilinlang ng mga sundalo ang mga biktima at inutusan na sa susunod na patawag ay "magdala sila ng mga damit". Hindi na pinauwi ang mga biktima mula sa ikalawang patawag at hindi na matunton kung saan sila dinala.

Labis na nag-alala ang kanilang mga kaanak kaya't humingi sila ng tulong sa barangay. Upang patahimikin at hindi na magreklamo ang asawa ng isa sa mga biktima, sinuhulan siya ng ilang libong piso ng hepe ng yunit sa RCSPO na nasa barangay.

Tinatayang dinala ang mga katutubo sa Camp Capinpin, Tanay, Rizal na *headquarters* ng 2nd ID para sanayin at piliting maging CAFGU. Sa mensaheng naipadala ng isa sa mga dinukot na katutubo sa kanyang pamilya, sinabi niyang "huwag nang pumayag na may sumunod pa sa kanila" dahil tiyak na pahihirapan din ang mga ito.

"Ipinapakita ng kasong ito ang patuloy na pag-iral ng di-deklaradong batas militar kung saan malaya ang mga berdugo na gawin ang lahat ng kahayupan sa mamamayan nang walang takot na habulin ng batas," ayon sa NDFP-ST.

Ang higit 10 katutubo ay nauna nang biniktima ng kampanyang pekeng pagpapasuko ng rehimeng Duterte na nanalasa sa San Jose mula 2019. Pinalabas na sila'y mga kasapi ng BHB at pinilit ng mga sundalo na magsuplong ng kahit sinong ipipresinta bilang tagasuporta ng BHB. Kasama sila sa mga "suko" na diumano'y pinagkalooban ng aabot sa P65,000 na pabuya at iba pang tulong, subalit sa aktwal, kung hindi pa nila kinalampag ang hepe ng RCSPO sa barangay, saka lamang bibigyan ng tig-limang libo ang bawat pamilya ng mga biktima at ilang piraso ng relip kapalit ng pagbabanta sa kanilang mga buhay.

Ang mga komunidad na pinagdausan ng mga kampanyang "suko" ang siya ring naging base ng mga pasistang tropang nagsasagawa ng operasyong RCSP hanggang ngayon. Imbing layunin ng mga operasyong RCSP na maghasik ng dudahan sa hanay ng mga katutubo at sirain ang kanilang pagkakaisa upang maiabante ang mga mapanirang proyekto na aagaw sa lupaing ninuno. Ang pamayanang pinanggalingan ng mga biktima ay kilalang mayaman sa rekursong *natural gas*, langis at iba pang mineral na pinaglalawayang makuha ng mga naghaharing uri.

"Dapat likhain ang isang malakas na kilusang masa para ipagtanggol ang karapatan ng mga katutubong Mangyan. Kailangan ding itambol at palakasin ang panawagang palayasin sa kanayunan ang mga yunit ng AFP-PNP-CAFGU na naghahasik ng iba't ibang anyo ng teror laban sa mamamayan," dagdag ng NDFP-ST. K

---

*Pinatinding atake...mula sa pahina 6*

*physical* at *mental torture* na kaakibat ng mga patawag sa kampo at pagpapasuko. Sa Oriental Mindoro, isang katutubong Buhid ang nagpakamatay sa tindi ng presyur na dinanas sa kamay ng 4th IB.

Humantong sa mga labanan ang tindi at sinsin ng mga operasyon ng AFP-PNP na walang puknat kahit sa panahon ng kalamidad at kagutuman bunsod ng pandemya. Naging bahagi ng reaksyon ng mga sundalo sa mga engkwentro laban sa BHB ang pagsuyod sa mga bahay na kalapit ng pinangyarihan ng labanan at pag-aresto sa mga residente rito. Biktima nito ang mag-asawang sina Rodel Llames at Jenna Oreviana sa Macalelon, Quezon noong Nobyembre; apat na magsasaka sa Sablayan, Occidental Mindoro noong Hulyo; at mga magsasaka pati dalawang *menor de edad* at isang bata sa Roxas, Palawan noong Oktubre.

Ipinakita ng rehimen ang teroristang kalikasan nito sa walang habas na pambobomba, panganganyon *(howitzer)* at pang-iistraping nang walang pagsasaalang-alang sa kaligtasan at kapakanan ng mga sibilyan. Na-*trauma* ang mamamayan ng Quezon, Oriental Mindoro, at Palawan na tinarget ng mga nasabing atake. Sinira rin ng mga brutal na pang-aatake mula sa himpapawid ang mga kaingin at sakahan na naghudyat ng mas malalang gutom.

"Sa ganitong kalagayan ng karapatang tao sa rehiyon at sa bansa sa ilalim ng tiraniko at pasistang rehimeng Duterte, marapat lamang at makatwiran ang inilulunsad na digmang bayan ng rebolusyonaryong kilusan at PKP-BHB-NDFP. Batayang karapatan ng mamamayan ang mag-aklas laban sa isang gubyernong mapanupil, marahas at hindi nagsisilbi sa kanilang interes," pahayag ng Melito Glor Command BHB-TK sa Pandaigdigang Araw ng Karapatang Tao noong Disyembre 10. K

**TUGON NI PATNUBAY DE GUIA**

# Bakit dapat palayain ang mga detenidong pulitikal?

*Dapat tamasahin ng bawat isa ang lahat ng mga karapatan at kalayaang itinatakda ng Deklarasyong ito, nang walang pagtatangi sa anumang uri, tulad ng lahi, kulay, kasarian, lenggwahe, relihiyon, pulitikal o anumang opinyon, pambansa o panlipunang pinagmulan, kapanganakan at iba pang katayuan. Bukod pa, walang dapat malikhang pagtatangi sa batayan ng pulitikal, hurisdiksyunal o internasyunal na katayuan ng bansa o teritoryong kinabibilangan ng isang tao, ito man ay nagsasarili, trust, hindi nagsasariling gubyerno o sa ilalim ng iba pang limitasyon sa soberanya.*

*- Artikulo 2, Unibersal na Deklarasyon ng Karapatang Tao, United Nations (UN)*

Ang mga bilanggong pulitikal ay yaong mga indibidwal o grupo ng mga taong inaresto at ikinulong dahil sa kanilang pampulitikang paniniwalang humahamon sa umiiral na kaayusang panlipunan *(status quo)*. Sang-ayon sa deklarasyon ng UN, lalabas na iligal ang pag-aresto at pagkulong sa mga bilanggong pulitikal at nararapat na sila ay kagyat na palayain. Pero sa kasalukuyan, patuloy na dumarami ang mga bilanggo at detenidong pulitikal. Kahit ang UN na nagpatibay ng deklarasyong ito, ay walang pangil para igiit at obligahin ang mga bansa at gubyerno na sundin ito. Katunayan, ang mga bansang pangunahing promotor ng pagtatayo ng UN, tulad ng US ang isa sa may pinakamaruming rekord ng pagsuway sa deklarasyong ito.

Sang-ayon naman sa reaksyunaryong saligang batas at hurisprudens ng Pilipinas, ang sinumang indibidwal o grupo ng mga indibidwal na nagsusulong ng isang armadong kilusan para kalabanin ang estado ay maaaring kasuhan ng rebelyon. Ang kasong ito ay may parusang 8-12 taong pagkakabilanggo at multang P20,000 at maaari ring makapag-pyansa upang makalaya habang dinidinig ang kaso. Sang-ayon naman sa Hernandez Doctrine (Mamamayan vs. Hernandez, Hulyo 1956) na pinalawig pa sa Mamamayan vs. Geronimo (Oktubre 1956), ang anumang aktibidad na may kaugnayan sa pagsusulong ng kanilang pampulitikang layunin at paniniwala ay mapaiilalim sa kasong rebelyon. Kaya lamang, sa layuning itanggi ang pagka-makatwiran at pagiging lehitimo ng kanilang mga panawagan at hinaing, hindi rebelyon ang ikinakaso sa mga "maysala" o *political offender* kundi mga kasong kriminal tulad ng *murder, multiple murder, kidnapping, arson, illegal possession of firearms and explosives* nang sa gayo'y hindi makapagpiyansya ang mga isinakdal ng reaksyunaryong estado na mga *political offender*. Ang mga detenidong pulitikal ay pinadadaan sa masalimuot at napakahabang proseso ng bulok na sistema ng batas at hustisya sa bansa tulad ng nararanasan ng iba pang mga detenido bago pa man mahatulan at maging ganap na mga bilanggo sa gawa-gawang mga kasong isinampa laban sa kanila, nang sa gayo'y bulukin hanggang sa hayaang mamatay sila sa nanlilimahid na mga bilangguan.

Mula nang ipawalambisa ang RA 1700 o Anti-Subversion Law noong 1992, itinuturing ng estado ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at iba pang "subersibong" organisasyong may kaugnayan dito bilang isang ligal na organisasyon. Dahil sa napawalang-bisa ang RA 1700 hindi maituturing na kaso ang maging kasapi ng PKP at ganundin sa iba pang kaalyadong organisasyon nito. Kaya naman ginamit na maniobra ng mga ahente ng estado ang kriminalisasyon ng mga kasong pulitikal. Isang lumang *modus* upang hindi makapagpagpyansa at makalaya ang mga bilanggong pulitikal. Isang pamamaraan para busalan ang bibig ng mamamayang magpahayag ng disgusto sa gubyernong kurap, inutil at pasista. Lansakan at garapalan nilang nilalabag ang karapatang tao ng mamamayan. Iniikutan ng mga ahente ng estado kahit ang mismong batas na ipinatutupad nila, masunod lamang ang kanilang pagnanais na pigilan ang lumalakas na paglaban ng mamamayan. Ang reaksyunaryong korte sa pangunguna ng Korte



Suprema ay naging isang malaking sindikato ng *fabrication* o pag-iimbento ng mga kaso at paglalathala ng mga pekeng *warrant of arrest* at *search warrant* para lamang gawing lehitimo ang pag-atake nila sa mamamayang lumalaban. Upang bigyang matwid ang pag-aresto, naging kairalan na ng mga pulis ang pagtatanim ng ebidensya sa proseso ng pag-aresto. Isinasantabi ng reaksyunaryong gubyerno ang mga napagtibay nang kasunduan sa pagitan ng GRP at NDFP tulad ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) at Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) na nagsasalang sa pagiging lehitimo ng mga pang-aaresto at pagdedetine.

Kalunus-lunos ang kalagayan ng mga bilanggo at detenidong pulitikal sa bansa. Ipinagkakait sa kanila ang mga batayang karapatan ng sinumang bilanggo at detenido, mga ginarantiyahan at pinagtibay ng internasyunal na mga institusyon at kasunduan. Pinagkakaitan sila ng nararapat na proseso ng batas at isinasailalim sa iba't ibang klase ng tortyur at panggigipit. Ang ilan sa kanila ay hindi pinahihintulutang madalaw ng mga kapamilya at kamag-anak. Kung hindi man sila ipinipiit sa mga siksikang bilangguan, ang iba ay inihihiwalay *(solitary confinement)* o binabartolina. Hindi rin sila nakakakain nang sapat habang ang mga maysakit ay hindi nabibigyan ng karampatang atensyong medikal at hinahayaan nang manghina hanggang mamatay sa bilangguan. Pinakahuling kaso ang pagpanaw ng detenidong pulitikal na si Antonio Molina sa sakit na kanser na pinalala ng kapabayaan ng gubyerno. Si Molina ay isang organisador ng mga magsasakang inagawan ng lupa ng mga panginoong maylupa.

Pinakamalala na sa mga nagpalit-palitang rehimen ang rekord ni Duterte kung saan sa 713 kabuuang bilang ng mga bilanggong pulitikal sa bansa, higit kalahati, o 487 dito ang mga dinakip sa panahon lamang ng mahigit limang taong panunungkulan niya. Malaking mayorya sa kanila ay hinuli at ikinulong batay sa modus na tanim-ebidensya at mga gawa-gawang kaso.

***Iniikutan ng mga ahente ng estado kahit ang mismong batas na ipinatutupad nila, masunod lamang ang kanilang pagnanais na pigilan ang lumalakas na paglaban ng mamamayan.***

Walang naging pagtatangi ang estado sa mga armado, aktibista at karaniwang mga sibilyan. Laganap ang *red-tagging* sa lahat ng magpapahayag ng disgusto sa gubyerno. Lahat sila, armado man o sibilyan, basta't lumalaban at humahamon sa gubyerno ay hinaharas, tinatatakang may kaugnayan sa terorismo, iligal na inaaresto at binubulok sa kulungan, o di kaya'y nagiging biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang ala-Tokhang tulad ng Bloody Sunday noong Marso. Lalo pang pinalala ang sitwasyong ito sa pinagtibay na kontra-mamamayang Anti-Terrorism Law na nagbigay-laya sa mga ahente ng estado at sa Anti-Terrorism Council na arestuhin, ikulong nang walang *warrant* hanggang 24 araw o kahit paslangin ang sinumang indibidwal na tatagurian nilang "terorista" at kasapi ng mga organisasyong tinatakan nilang "terorista" tulad ng PKP, BHB at NDFP. Sa ilang buwan pa lamang na pagpapatupad ng nasabing batas, lalong lumalala ang mga kaso ng paglabag sa karapatang tao sa bansa.

Kahit ang mga institusyong nagtatanggol sa mga bilanggong pulitikal, mga abugado at kapamilya ay hindi libre sa ginagawang *harassment* at pagpatay ng estado. Ilan nang mga abogado at kasapi ng mga progresibong organisasyong nagsusulong ng pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal ang pinaslang ng nagpalit-palitang rehimen tulad nina Eden Marcellana, Sarah Alvarez at Atty. Ben Ramos.

Sa kasalukuyan, nagtetengang kawali ang reaksyunaryong gubyerno sa lumalakas na panawagan sa loob at labas ng bansa para palayain ang mga bilanggong pulitikal laluna ngayong napakalaki ng panganib dulot ng COVID-19. Kahit ang panawagan ng mga kaanak na palayain man lamang ang mga maeedad at maysakit sa kanila ay ni hindi man lamang binigyang-pansin ng gubyerno. Patuloy ang pakikibaka ng mga bilanggo at detenidong pulitikal sa loob ng mga piitan. Hindi sagka ang makakapal na rehas na bakal para pigilan ang nag-uumapaw nilang enerhiya at galit sa estadong mapang-api, mapagsamantala't mapaniil. Sila ang nangunguna sa pagsusulong ng mga batayang karapatan ng mga detenido at bilanggo. Kaya naman umaani sila ng mataas na pagrespeto at pagkilala sa hanay ng mga kapwa bilanggo, detenido, at kahit sa mga pwersang panseguridad ng estadong nagbabantay sa kanila. Kasabay nito, sa labas ng mga bilangguan—sa mga lansangan hanggang sa pandaigdigang entablado ay patuloy na itinatambol ang panawagan ng mga kapamilya, kaibigan at mga kilusan sa pagpapalaya sa mga bilanggo at detenidong pulitikal na sila ay palayain at isailalim sa tamang proseso ng hustisya.

Sa gitna ng mas matinding paniniil ng rehimeng Duterte at nagbabadyang pagbabalik-poder ng mga Marcos, hindi dapat tumigil ang mamamayan sa paggigiit na palayain ang lahat ng detenidong pulitikal sa bansa at sa buong daigdig. Kasabay nito, hindi dapat manahimik, bagkus ay dapat lalong padagundungin ng taumbayan ang kanilang tinig ng paniningil ng hustisya para sa lahat ng biktima ng paglabag sa karapatang tao sa bansa. K

### *Malagim na karanasan, madilim na kasaysayan*

# Matinding paglabag sa karapatang tao ang dulot ng Martial Law ng diktadurang Marcos




Kahit anong *historical revisionism* ang gawin ng pamilyang Marcos at rehimeng Duterte, hindi kailanman mabubura sa alaala at kamalayan ng mamamayan ang mga karumal-dumal na krimen at paglabag sa karapatang tao ng diktadurang US-Marcos.

**Masaker sa mamamayang nakikibaka**

Sa ilalim ng Martial Law (ML), bala at karahasan ang naging tugon ng diktadurang Marcos sa mga lehitimong hinaing ng mamamayan.

Pebrero 1, 1981—sinalubong ng walang habas na pamumutok ang mahigit 6,000 magsasaka ng Quezon na nagkilos protesta upang igiit sa diktadurang Marcos na tugunan ang kanilang nararanasang kahirapan kaalinsabay ng pagprotesta laban sa *coco levy*. Umabot noon ang pambabarat sa mga magniniyog sa presyong 60 sentimo kada kilo ng kopra kasabay ng napakataas na halaga ng mga bilihin. Dagdag pang pahirap ang nararanasan nilang matinding militarisasyon at talamak na paglabag sa karapatang tao. Mahigit isang libo ang nasugatan, habang dalawa naman ang agad namatay sa tinaguriang Guinayangan Massacre.

Noong Hunyo 14, 1981 habang nagmamartsa ang libong magsasaka mula sa Basud, Camarines Norte upang sumanib sa ilulunsad na rali sa Freedom Park sa harap ng *provincial capitol* ng Daet, hinarang sila ng mga elemento ng 242nd PC Company at minanduhan silang magsipagluhod. Nagsumamo ang mga magsasaka na padaanin sila ngunit mga putok ng baril ang isinagot sa kanila. Paghupa ng mga putok, anim ang namatay at 50 ang nasugatan sa tinaguriang Daet Massacre. Iginiit ng mga magsasaka noon ang pagtataas ng presyo ng kopra habang tinututulan ang *coco levy fund* at pekeng eleksyon. Naganap ang Daet Massacre noong kadedeklara pa lamang ni Marcos ng Proclamation No. 2045 na diumano'y nag-aalis na ng ML sa Pilipinas.

Naganap naman noong Setyembre 15, 1981 ang Sag-od Massacre sa Las Navas, Northern Samar. Ang mga residente ay pinalabas mula sa kanilang bahay at walang awang pinagbabaril ng Civilian Home Defense Forces (CHDF) at 18 armadong *security* ng San Jose Timber Corporation na pag-aari ni Juan Ponce Enrile. Napatay ang 45 kalalakihan, kababaihan at mga bata samantalang 13 tao lamang ang natirang buhay sa lugar. Patuloy nilang maaalala ang trahedya kung saan walang sinumang nanagot sa karumal-dumal na krimeng ito.



Nauwi naman sa limang patay at maraming sugatan ang kilos-protestang inilunsad ng mga magsasaka at residente ng Culasi, Antique nang paputukan sila ng mga kagawad ng Philippine Constabulary (PC) noong Disyembre 19, 1981. Tinuligsa ng mga magsasaka ang mababang halaga ng mga produktong bukid at talamak na pang-aabuso ng mga sundalo at pulis sa mga sibilyan.

Samantala, mga putok din ang sumalubong sa mahigit 5,000 magsasaka at maralita ng Escalante, Negros Occidental na nagkilos protesta sa ika-13 taong anibersaryo ng ML noong Setyembre 20, 1985. Tinawag itong Escalante Massacre kung saan hindi bababa sa 20 katao ang patay at higit 30 ang sugatan sa walang habas na pamumutok ng mga kagawad ng Regional Special Action Forces at CHDF. Tinutuligsa at inaalala nila ang mapagsamantalang sistema sa ilalim ng diktadurang US-Marcos at kaalinsabay nito ang matinding paghihimagsik ng mga pamilya ng biktima.

Walang napanagot sa mga karumal-dumal na krimeng ito at nananatiling hindi nakakamit ng mga biktima at kanilang pamilya ang katarungan.

**Tortyur sa mga detenidong pulitikal**

Para sa mga detenidong pulitikal, isang malagim na alaala ang hatid sa kanila ng ML ni Marcos.

Inilahad ni Kasamang Jose Maria Sison ang naranasang tortyur habang nakapiit sa mala-impyernong bartolina nang mahigit limang taon noong panahon ng ML.

Piniringan siya, hinubaran at ipinosas ang mga kamay at paa bago bugbugin. Kasabay nito, binabantaan siyang ibubunggo ang ulo sa pader.

Ginamitan din siya ng *water cure* kung saan paulit-ulit na binubuhusan ng tubig ang mga butas ng kanyang ilong habang tinatakpan ang kanyang bibig at nakagapos ang mga kamay

at paa. Aabot ng anim na oras ang itinagal ng *water cure* kay Ka Joma.

Sa pagbabalik-tanaw naman ni Bonifacio Ilagan, isang kilalang manunulat at direktor at dating tagapangulo ng Kabataang Makabayan sa UP Diliman, inalaala niya kung paano siya pinahirapan ng mga sundalo sa kulungan para kuhanan siya ng impormasyon.

"Matinding pambubugbog at pananakit ang inabot ko sa kamay ng mga nagdakip sa akin. Nakahiga ako sa dalawang magkalayong bangko habang sinisikmuraan. Ipinasok din nila ang tingting sa aking ari," kanyang pagsasalaysay.

Ilan lamang sila sa libu-libong detenidong pulitikal noong panahon ng diktadurang Marcos na nakaranas ng matindi at lahat ng klase ng tortyur at makahayop na pagpapahirap ng mga pasista, sadistang sundalo. Pinerpekto ng mga ahente ng pasistang estado ang sistematikong sikolohikal at pisikal na tortyur ng pinagkumbinang pagkuryente, *water cure, truth serum, Russian roulette,* pagsunog, pagbugbog hanggang sa pagmolestiya at paggahasa sa mga kababaihan.

Kabilang din sa mga iligal na inaresto at ikinulong ng diktadurang Marcos sa unang mga taon ng ML sina Ninoy Aquino, Pepe Diokno, Lorenzo Tañada, Chino Roces, Eva Estrada Kalaw, Satur Ocampo, Rolando Simbulan, Etta Rosales, Judy Taguiwalo, Trinidad Herrera, Neri Colmenares, Charlie del Rosario, Pete Lacaba, Armando Teng, Julius Giron, Cesar Taguba, Monico Atienza, Agaton Topacio, Rigoberto Tiglao at napakarami pang mga kalaban ni Marcos sa pulitika, mga kabataang aktibista, mga abugado, manunulat, midya, taong simbahan, magsasaka, manggagawa at iba pa.

Sobra pa ang mga dokumentadong karanasan ng mga detenidong pulitikal para ilarawan ang karahasan ng ML kung kaya't hindi ito kailanman malilimutan. Katunayan, makailang beses naglunsad ng mga pagsisiyasat/*mission* ang Amnesty International sa Pilipinas, tuluy-tuloy na nagdokumento ng mga paglabag sa karapatang tao ang Task Force Detainees, World Council of Churches at iba pang mga organisasyon sa karapatang tao kung saan malinaw na ipinapakita ng kanilang mga ulat ang paggamit ng tortyur bilang isang patakaran ng estado sa ilalim ng ML.

**Mga *desaparecidos* at ang ST 10**

Bukod kay Bonifacio Ilagan, biktima din ng karahasan at atrosidad ng ML ang kanyang nakababatang kapatid na babae na si Rizalina Ilagan. Si Rizalina ay kasama sa tinaguriang ST10 na mga aktibista na dinakip ng diktadura at kailanma'y hindi na inilitaw. Kabilang sila sa mga *desaparecidos* o mga biktima ng sapilitang pagkawala.

Sina Rizalina Ilagan, Jessica Sales, Gerardo Faustino, Cristina Catalla, Ramon Jasul, Modesto Sison, Erwin de la Torre, Manny Salvacruz, Salvador Panganiban at Virgilio Silva ay kilala bilang ST 10 na dinukot noong Hulyo 1977 sa Makati sa kasagsagan ng ML. Grupo sila ng mga kabataang aktibistang humarap at lumaban sa diktadura. Karamihan sa kanila ay mga mag-aaral ng UP Los Baños (UPLB), habang si Sales ay instruktor sa pamantasan.

Noong Agosto 27, 1977, nakita ang mga bangkay nina Virgilio Silva at Salvador Panganiban sa isang bangin sa Tagaytay. Matapos ito, nakita ang bangkay ni Modesto Sison sa Lucena City, Quezon. Hanggang sa kasalukuyan, hindi pa nakikita ang mga labi ng pito nilang kasamahan.

Dinukot naman noong 1975 si Leticia 'Ka Tish' Pascual-Ladlad habang nakikipamuhay sa batayang masa at pinag-aaralan ang kanilang kalagayan. Kumilos si Tish noong 1971 sa hanay ng mga magbubukid sa mga probinsya ng Quezon at Laguna. Noong Nobyembre 1975, dinukot siya at iba pa niyang kasamahan sa Paco Church, Manila. Siya ay 25 taong gulang nang mawala.

Biktima din ng sapilitang pagkawala sina Rodelo Manaog, dating estudyante ng UPLB at *staff* ng dyaryong Perspective at Albert 'Ka Abet' Enriquez. Organisador si Manaog ng mga manggagawa sa Institute for Workers Leadership and Development sa Laguna nang dukutin siya ng mga ahenteng panseguridad ng estado noong Hulyo 20, 1984. Samantala si Abet ay aktibong lumalaban sa lumalalang kalagayan ng karapatang tao. Dati siyang kalihim ng tsapter ng Bagong Alyansang Makabayan sa Lucena City at naging aktibo sa lokal na yunit ng Task Force Detainees of the Philippines sa Quezon. Dinukot si Abet noong Agosto 29, 1985. Hanggang ngayon, hindi pa nakikita ang mga labi nila.

Isang tampok na kaso ng pagdukot at sapilitang pagkawala ang nangyari kina Adora Faye de Vera, Rolando Federis at Flora Coronacion. Pinaslang matapos ang matinding tortyur sina Rolando at Flora habang nabuhay si Adora na siyang nagsiwalat ng nangyari sa kanila.

Sa bahagi ng salaysay ni Adora na inilimbag sa artikulong Resonance ni Bonifacio Ilagan, binaybay niya kung paano sila pinahirapan, tinortyur at paulit-ulit na ginahasa ng mga pasistang



PC. May pagkakataong umaabot sa ilang oras ang panggagahasa sa kanila para lamang makuhanan ng impormasyon. Nakatatak sa isipan ni Adora ang mala-demonyong wangis ng mga sundalong nagpapalitan sa panggagahasa sa kanila—di mawawaglit sa kamalayan ng mga biktima sina Corporal Alberto Trapal, Charlie Tolopia, Captain Eduardo Sebastian, Jesus Calaunan at Lt. Joseph Malilay at ilan pang sibilyan. Nailahad din ni Flora ang paulit-ulit na panggagahasa sa kanya nina Welen Escudero, Florante Macatangay at PFC Alex Estores. Iilan lamang sila sa mga buhong na operatiba ng Military Intelligence Group, Constabulary Security Unit na pinangalanan ni Adora sa kanyang testimonya, ngunit mabibigyan ng promosyon pa sa susunod na mga panahon at rehimen.

**Pag-alaala at paghihimagsik**

Napakasaklap ng sinapit ng mga biktima ng paspaslang, iligal na detensyon, pagdukot at sapilitang pagkawala sa panahon ng ML. Hindi lamang nito ipinapakita ang kahayupan ng diktadurang Marcos noong panahong iyon kundi pati ang kawalang pananagutan sa mga krimen at atrosidad laban sa mamamayan. Hanggang sa kasalukuyan, hindi inaamin at tahasang pinasisinungalingan ng pamilyang Marcos ang kanilang talamak na paglabag sa karapatang tao. Walang sinuman sa mga pinuno ng PC, mga opisyal at alagad ng noo'y National Defense ni Marcos na pasimuno ng lahat ng ito, ang nakulong o nalitis man lamang sa korte, at ang kalakhan sa kanila'y naglunoy at patuloy na nakikinabang sa yamang ipinamudmod ng mga Marcos mula sa ninakaw sa kaban ng bayan.

Batay sa mga datos mula 1972 hanggang 1981, may 107,240 na mga pangunahing biktima ng paglabag sa karapatang tao ng ML: 3,240 ang pinatay ng mga sundalo at pulis; 70,000 ang iligal na inaresto at ikinulong; 34,000 mamamayan ang biktima ng tortyur at anim na milyong mamamayan ang napwersang iwanan ang kanilang mga tahanan at bukirin.

Sa pag-ikid ng kasaysayan, hindi kailanman malilimutan ng mamamayan, laluna ng kasalukuyang henerasyon ang kanilang sinapit sa kamay ng pasistang diktadurang Marcos na muli nilang dinanas nang higit pa sa panahong ng rehimeng US-Duterte. NEVER FORGET! NEVER AGAIN! Ito ang matibay na tuntungan para palakasin ang pakikibakang pigilan ang panunumbalik ng pamilyang Marcos sa kapangyarihan. Ang talamak na paglabag ni Marcos sa karapatang tao at ibayong pagkalugmok sa kahirapan ng mamamayan ang higit na nagpaalab sa kanilang damdamin na kalauna'y nagbagsak sa kanyang pasistang paghahari sa mga kasunod na taon. Dapat tiyakin ng mamamayan ang hantungan ng pangarap ng pamilyang Marcos na makabalik sa kapangyarihan, tulad ng yumaong si Ferdinand Marcos, hindi ito dapat magwagi at dapat ganap na mabigo.

*Ikatlo sa serye ng mga artikulo hinggil sa Martial Law sa ilalim ng diktadurang US-Marcos*

BALITA

## Desisyon ng Korte Suprema sa Anti-Terrorism Law, tinuligsa ng PKP-TK




Tinuligsa ng PKP-TK ang hatol ng Korte Suprema na *constitutional* o naaayon sa reaksyunaryong saligang batas ang Anti-Terrorism Law (ATL) na inilabas noong Disyembre 9. Ito ang tugon ng reaksyunaryong hukuman sa 37 petisyon mula sa iba't ibang grupo para ideklarang iligal ang ATL.

Ipinasa ng rehimeng Duterte ang ATL noong Hulyo 2020 sa kabila ng mariing pagtutol dito ng mamamayan. Layon ng nasabing batas ang pagpapatindi ng panunupil ng rehimeng Duterte laban sa rebolusyonaryong kilusan at nakikibakang mamamayan sa ngalan ng diumano'y kampanyang "kontra-terorismo".

Ayon sa PKP-TK, "Sa pagkatig ng Korte Suprema na ideklarang konstitusyunal ang ATL, ginagawa nitong ligal ang sistematikong karahasan ng estado laban sa mamamayan at binibihisan ng ligalidad ang impyunidad at terorismo ng estado sa tabing ng anti-komunismo at 'anti-terorismo'."

Nangangahulugan ang desisyon ng Korte Suprema na: ligal ang pag-aresto nang walang *warrant of arrest*; pagpiit kahit wala pang kaso; at hindi paglitaw ng hanggang 24 araw sa sinumang tinatakang terorista. Sinuhayan din nito ang absolutong kapangyarihan ng Anti-Terrorism Council na ipatupad ang anti-mamamayang ATL.

Dalawang probisyon lamang ang idineklara ng Korte Suprema na *unconstitutional* o labag sa reaksyunaryong batas. Sa botong 12-3, pininal na labag sa batas ang Seksyon 4 na nagtatak na terorismo ang pagsasagawa ng mga kilos protesta at katulad na aktibidad at ilang bahagi ng Seksyon 25 na nagpapahintulot sa paglahok ng mga dayuhang ahensya at entidad sa pagtatak na terorista ang isang indibidwal o grupo.

Dagdag ng PKP-TK, "Minsan pang pinatunayan ng Korte Suprema ang sarili bilang kasangkapan ng reaksyunaryong estado upang bihisan ng ligalidad ang marahas na paghahari't pagsupil nito sa mamamayan sa likod ng mga demokratikong karatula at retorika."

# Ika-53 anibersaryo ng PKP, ipinagdiwang sa gitna ng pinatinding atake ng AFP-PNP



Sa gitna ng nagpapatuloy at pinatinding atake ng AFP-PNP sa Timog Katagalugan, ipinagdiwang ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan - Timog Katagalugan (BHB-TK) sa ilalim ng Melito Glor Command (MGC) ang ika-53 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas sa ilalim ng temang "Magpunyagi, Lumaban at Magtagumpay!".

Sa Quezon, nakapaglunsad ng pulong masa ang mga yunit ng Apolonio Mendoza Command kasabay ng pagdiriwang sa anibersaryo. Ipinahayag dito ng mga magsasakang dumalo ang kanilang patuloy na pagsuporta sa BHB sa kabila ng mga atake at pananakot ng kaaway.

Ayon kay Cleo del Mundo, tagapagsalita ng AMC-BHB-Quezon, "Bigo ang rehimeng US-Duterte na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa Quezon! Anumang demonisasyon ang gawin nito sa PKP-BHB-NDFP, hinding hindi nito mapapatid ang matibay na bigkis ng mamamayan at Pulang hukbo lalo't malalim nang nakaugat ang Partido sa masa sa buong bansa."

Naglunsad naman ng seremonya ng pagtataas ng bandila ng PKP ang Eduardo Dagli Command-BHB Batangas. Anila, nagbubunyi ang mamamayan ng Batangas sa inabot na tatag ng Partido lalo't uhaw na uhaw ang mga Batangueño sa panlipunang pagbabago.

Mahusay namang ikinubli ng masa ang pagdiriwang ng Lucio de Guzman Command (LdGC) - BHB Mindoro sa gitna ng FMO ng AFP-PNP.

"Sa kabila ng deklarasyon ng Southern Luzon Command na ang Mindoro ang magiging sentro ng anti-komunistang gera sa rehiyon, hindi nito nagawang gapiin ang rebolusyonaryong kilusan sa isla, bagkus patuloy pa itong yumayabong," pahayag ni Madaay Gasic, tagapagsalita ng LdGC.

Tulad ng mga nakaraang anibersaryo, marami ding kabataan mula kalunsuran ang nakipagdiwang sa piling ng hukbong bayan. Sa pagtatapos ng selebrasyon, signipikanteng bilang sa kanila ang nagpaiwan at marami-rami ay nagdeklara ng pagsampa sa hukbo.

Naglunsad din ang iba pang mga yunit at organo ng Partido sa rehiyon ng mga lihim na pagdiriwang sa kalunsuran, sa tarangkahan ng Maynila. K

KULTURA

# Sa walang hanggang alaala ng kadakilaan nina Kasamang Eden Marcellana at Dorris Cuario

## *Mga kababaihang rebolusyonaryo at kampeon ng pagtatanggol sa karapatang tao ng pinagsasamantalahang uri*

Ni Nag-aalimpuyong Alikabok

### *Unang pagtatagpo*

Mga huling taon ng dekada nobenta, si Eden Marcellana ang bagong pangkalahatang kalihim ng Karapatan-TK at ako naman noon ay isang tipikal na kabataan. Bilang isang aktibistang kabataang estudyante, hindi ko maikakailang may malaking impluwensya sa akin si Eden. Nasasabi ko ito dahil hindi ko malilimutang nasambit ko sa aking sarili at sa isa pang kasamang kabataan na gusto kong maging *human rights* (HR) *worker* tulad ni Eden.

Magiliw at malapit si Eden sa mga kabataan. Masipag siyang mag-imbita sa iba't ibang paraan sa aming mga kabataang estudyante sa mga *quick response team* (QRT) at *fact finding mission* (FFM). Makulit siya sa *text*. Lahat wari ng nasa *phonebook* niya ay tinetext niyang sumama sa mga QRT. Hindi niya ipinapaubaya lamang sa mga lider ng mga *org* ang pag-iimbita, kukuhanin niya isa-isa ang numero namin at lahat kami iimbitahan niya sa *text* man o personal, kaya mahihiya kang tumanggi! Hindi nakapagtatakang maraming kabataan ang laging sumasama sa mga QRT at FFM at isa na ako rito. Dito rin ako nagsimulang mapanday sa gawain sa HR sa gabay ni Eden.

Hindi sapat kay Eden ang mag-imbita para sa mga QRT at FFM. Walang kapaguran din siyang nagru-*room-to-room* sa mga eskwelahan at nagpupunta sa mga istasyon ng radyo *(media hopping)*, kung minsan ay mag-isa lamang siya ngunit kadalasan kasama niya ang mga biktima ng paglabag sa karapatang tao upang manawagan ng tulong at katarungan. Halos araw-araw din siyang tumatawag sa mga istasyon ng radyo upang isiwalat at ipanawagan ang mga isyung pangkarapatang tao sa Timog Katagalugan.

Kahanga-hanga ang kanyang pursigidong pagpapaliwanag hinggil

sa karapatang tao saan man siya magpunta—mula sa mga *lecture hall* sa mga unibersidad, *press conference*, baryo o maging sa harap ng mga mersenaryong AFP. Sa gitna ng mga operasyon ay nakukuha pa niyang talakayan ang mga sundalo hinggil sa *international humanitarian law.* Hindi maaring matapos ang QRT o FFM nang hindi siya magtatalakay sa mga taumbaryo. Sa pagkabihasa niya sa mga batas ng karapatang tao, sa Bill of Rights, Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL), hindi mo aakalaing elementarya lamang ang kanyang natapos. Kabisado niya ang bawat kaso at batas na tila ba kaya niyang sambitin kahit natutulog siya.

Habang boluntir sa HR, nasaksihan kong hindi lamang ahitador, edukador at lider si Eden, isa rin siyang tunay na kasamang may malasakit. Hinding-hindi ko malilimutan kung paanong nagalit siya sa amin dahil sa pag-aalala nang mag-QRT kami nang wala siya, walang pahintulot, plano at koordinasyon. Isa ito sa maraming batayang leksyong natutunan ko kay Eden—ang tama at ligtas na kondukta ng pagku-QRT. Kung bakit naman sa aming kapusukan at bahid na rin ng kamusmusan ay sumugod kami sa isang militarisadong lugar sa Quezon sa pagkakabalitang may naganap na engkwentro sa pagitan ng mga sundalo at mga NPA at may mga sibilyang naipit sa labanan kasama ang ilang estudyante.

Galit na galit si Eden dahil hindi biro ang ginawa namin at maaari kaming mapahamak. At aakuin niyang responsibilidad iyon bilang responsableng lider. Dahil dito, mas lalo kaming napalapit kay Eden. Nagsilbi siyang "Ate" sa amin na lagi't laging gumagabay. Hindi lamang sa usapin ng gawain kundi maging sa pagpapayo sa mga personal na problema katulad halimbawa sa relasyon. Mahigpit si Eden sa usapin ng propesyunalismo sa gawain at sa seguridad (dahil laging may banta sa buhay ng mga *HR worker*) kung kaya't ayaw niyang makakaapekto ang mga personal na problema. Magpapayo siya ngunit hindi siya magpapalampas ng pagpuna kung dapat na may ipuna. Ika nga ay mabait pero may "taray" na nasa tamang lugar. Kagaya na lamang nang ginabi na akong makauwi, kulang na lamang ay maligo ako sa todo-todong pagsabon sa akin ng sermon. Pero tama naman siya, delikado ang panahon noon.



Naging ganap akong *HR worker* sa panahong kinakaharap ng Mindoro ang bangis ng OBL 1 at 2. Maramihang nagsilikas na pami-pamilyang biktima ng HRVs. Itinayo sa pangunguna ng Karapatan-TK at ni Eden ang "Kanlungan" na nagsilbing *shelter* at sangtwaryo ng mga *internal refugees*. Ito ay 2002-2003, panahon ng rehimeng US-Arroyo na nag-aabereyds sa dalawa ang biktima ng EJK kada linggo.

Ito ang panahon na nagpapang-abot na ang mga QRT at FFM kung saan hindi pa natatapos ang isa ay may kailangan ng tugunan pa sa ibang lugar, sabay-sabay, sunod-sunod. Pero sa halip na mapagod, laging mataas ang diwa ni Eden at may panahon pa rin siya sa kanyang pamilya.

### *Hanggang sa huling mga pagtatagpo*

Bago mangyari ang karumal-dumal na pagpaslang kina Eden Marcellana at Eddie Gumanoy na tagapangulo ng Kalipunan ng mga Samahan ng Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK), naalala ko pang nagkita-kita pa silang mag-anak. Mayroong may *birthday* noon, doon sila sa opisina nagdiwang at pagkatapos tumungo na si Eden sa Kanlungan. Nagpulong kami para sa isasagawang QRT sa Mindoro. Si Eden ang mangunguna sa 11-kataong QRT.

Lumarga ang tim, at hindi ko akalaing iyon na pala ang mga huling pagtatagpo namin.

Nakapag*text* pa sa akin at *email* si Eden noong hapon ng Abril 21, 2003 bago sila dukutin.

Tila huling mga salita, pamamaalam at huling habilin na pala ang mga *text* at *email* na iyon pero hindi para sa kanyang sarili o para sa kanyang pamilya. Kahanga-hangang isipin na ang mga huling salita (*text*) niya na di ko malilimutan: *Mag-i-email ako ngayon sa iyo. Bilisan mo at kuhanin mo agad at ilabas agad sa media. Nandyan ang mga naisadokumento naming mga bagong paglabag sa area, paalis na kami dito mamaya.*

Agad kong kinuha ang kanyang *email*. Akala ko nga ay gagawin ko pa ang *press release* (PR) pero ginawa na pala ni Eden sa maiksi, simple at malinaw na pahayag. Nagawa pa niya ang lahat ng ito bago siya paslangin ng mga berdugong uhaw sa dugo na 204th IBde sa pangunguna ni Palparan. Ipinadala ko na lamang ang PR sa *media* at kinuha ang panimulang *fact sheet*.

Magdidilim na rin nang bumalik ako sa opisina. Maya-maya pa'y gumimbal na ang masamang balita, dinukot ang buong QRT at kinabukasa'y natagpuan nang nakahandusay sa palayan sina Eden at Eddie.

'Yan si Eden o si Ate Eden sa marami sa amin, walang sinasayang na panahon. Batid ang kahalagahan ng mabilis na pagsasadokumento, paglalantad at pag-iingay laban sa mga paglabag sa karapatang tao. Ito'y dahil niyakap niya nang walang pag-iimbot at inangking kanya ang pakikibaka ng kanyang uring pinagmulan, ang mga magsasaka, at ng iba pang inaaping sektor, ang mga maralitang tagalungsod at manggagawa. **K**

*Una sa dalawang artikulo hinggil sa magiging na HR worker ng TK*